# Balitang Manmin

BILANG 81 ABRIL 7, 2013


# GCN TV – Nakibahagi sa Pulong at Pagtatanghal ng NRB para sa Taong 2013







Nasa mga programa ng GCN TV ang napakalaking pag-ibig ng Diyos na nagnanais na mailigtas ang lahat ng tao. Ang puwesto ng GCN TV sa pagtatanghal ng NRB at ang Pangulo ng NRB na si Dr. Frank Wright (kanan)

Bilang brodkaster na nagpapahayag ng kapangyarihan ng Diyos at pag-ibig ni Jesu-Cristo sa may 170 mga bansa, nakibahagi ang GCN TV sa ika-70 Pulong at Pagtatanghal ng NRB (National Religious Broadcasters). Ito ang pinakamalaking pagtitipon sa buong mundo na ginagawa taun-taon ng mga Cristianong mamamahayag. Ang okasyong ito ay idinaos sa Gaylord Opryland Hotel & Convention Center sa Opryland, Nashville, Estados Unidos, mula Marso 2-5, 2013.

Nagsalita ang pangulo ng NRB na si Dr. Frank Wright tungkol sa 'recession' o pag-urong (nananamlay) ng espirituwal na buhay ng mga Cristiano sa Estados Unidos at ang lumalaganap na paghihigpit sa kalayaan sa relihiyon. Binigyang diin niya ang kooperasyon ng mga mamamahayag na Cristiano sa pagsisimula ng pinakamahalagang bahagi ng pulong noong Marso 2, 2013. Nagsalita sina Pastor Raul Ries at Dr. Tony Evans tugkol sa kahalagahan ng pagpapabanal at pagsasabuhay ng Salita ng Diyos sa araw-araw na pamumuhay.

Ipinakita ng GCN TV (www.gcntv.org) sa puwesto nila ang mga sermon ng Board Chairman at Punong Pastor ng Manmin Central Church Dr. Jaerock Lee na ginamitan ng HD teknolohiya, ang 3D video na pinamagatang "Heaven", ang pagdiriwang at pagtatanghal sa ika-30 anibersaryo ng Manmin Central Church at ang pagtatanghal sa Linggo ng Pagkabuhay. Nakatawag ng pansin ng mga bisita ang mga libro ni Dr. Lee at ang makapangyarihang Muan Sweet Water (Dahil ipinanalangin ni Dr. Lee ang tubig-alat, maaari na itong inumin. Ang tubig ding ito ay nakakapagpagaling sa pamamagitan ng pananampalataya. Marami ang naging interesado dito, labas-pasok ang mga brodkaster at mga bisita sa puwesto.

Nakita namin ang lakas ng ministeryo ng Manmin sa pagbobrodkast nang bumisita sa puwesto ng GCN TV ang manunulat, tagapagsalita at dalubhasa sa propesiya tungkol sa Biblia na si Dr. John MacTernan. Sinabi niya, "Ang katibayan ng pagsamba sa Diyos ay ang pagpapabanal, ito rin ang paraan para malutas ang problema ng pananamlay o pag-urong (recession) ng buhay espirituwal at mga kaguluhang nangyayari sa buhay ng mga tao."


Sinabi ni Pastor Edgar Cajes ng Radio Vision (AM 540), "Nakapakinig ako ng ebanghelyo ng kabanalan kasama ang mga miyembro ng iglesya sa pagdalo namin sa Manmin Central Church sa pamamagitan ng Enlace TV." Nagpakita ng interes si Dr. Manuel Ferreira, pangulo ng istasyon ng radyo WFHL (FM 88.1), na ibalita ang tungkol sa Muan Sweet Water sa mga nakikinig ng mga programa niya sa radyo. Nabalitaan niya kasi ang tungkol sa mga sagot at mga biyaya na naipahayag sa pamamgitan nito.

Mahalagang punto ang pagpapaabot ng malaking pasasalamat ng mga namumuno ng NRB kay Dr. Jaerock Lee, at mga miyembro ng Manmin sa aktibo nilang partisipasyon at pakikipagtulungan.

Sa okasyong ito, pumirma ng kontrata ang GCN TV para sa pakikipagtulungan sa pagbobrodcast kasama ang walong mga brodkaster tulad ng Life Zone TV, New York, Estados Unidos; Credo TV, Romania; Radio Vision; at Jehovah TV. Tinalakay ni Dr. Slobodan Krstevski ng Shining Light Ministries, ang ministeryo sa Silangang Europa at ang isinasagawang pagmimisyon sa mga katabi at malalapit na lugar. Nakatuon ang Shining Light Ministries sa pagmiministeryo sa Balkan Peninsula.


Ito ang sinabi ng mga manggagawa ng GCN TV tungkol sa biyaheng pang-misyon: "Napakaganda ng pakiramdam ng epektibong naihatid ang Salita ng Buhay sa mas maraming tao, kahit saan, at kahit kailan. Malaking tulong ang mga 'mobile tech-gadgets' tulad ng 'smart phones'.


▪ *Ang Mensahe ng Krus*




Ang Isang makapangyarihang mensahe na nakapupukaw sa lahat ng tao na espiritwal na natutulog! Sa aklat na ito matatagpuan mo ang dahilan na tanging si Jesus lamang Taga-pagligtas at ang tunay na minamahal ng Diyos.

▪ *Maranasan ang Walang hanggang Buhay bago ang Kamatayan*




Isang Ala-alang patotoo ni Dr. Jaerock Lee, na muling naipanganak at naligtas mula sa Bingit ng anino ng Kamatayan at nangunguna sa pag-gabay sa isang perpektong halimbawa ng Kristiyanong Buhay.

Urim Books: 822-837-7632 Email: urimbook@hotmail.com

# Ang Pag-ibig ay Hindi Mapagmalaki o Hambog

"Ang pag-ibig ay matiisin at magandang loob; ang pag-ibig ay hindi maiinggitin, o mapagmalaki o hambog." (1 Mga Taga-Corinto 13:4)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Para marating ang Langit, kinakailangan ng pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig. Ang pag-ibig ay walang hanggan, kaya, sa tatlong ito, ang pinakadakila ay pag-ibig. Sa labinlimang katangian ng espirituwal na pag-ibig na ipinahayag sa ika-13 kabanata ng 1 Mga Taga-Corinto, ang panlima ay 'ito ay hindi mapagmalaki o hambog'. Sinasabi sa atin ng Biblia na isa sa mga masasamang katangian na kinapopootan ng Diyos ay pagiging hambog.

### 1. Ang mga katangian ng hambog na tao

Ang tinutukoy na 'mapagmalaki o hambog' dito ay hindi ang pagtingin sa iba na mas mahalaga kaysa atin kundi ang pagbabalewala sa iba at pagpapalagay na mas mabuti tayo sa kanila sa lahat ng aspeto.

Kapag kinakausap natin ang mga taong ganito, palaging nauuwi sa mga haka-haka at alitan. At ang pinakamalala, bigla silang nagagalit at ipipilit na sila ang tama. Pagkatapos, magiging labanan. Mababasa sa Mga Kawikaan 13:10, "Sa kapalaluhan, ang suwail ay lumilikha ng gulo, ngunit ang karunungan ay nasa tumatanggap ng payo." Sinasabi ng 2 Kay Timoteo 2:23, "Iwasan mo ang mga usapang walang kabuluhan at hangal, yamang nalalaman mo na namumunga ang mga ito ng mga away."

Magkakaiba ang konsiyensya at kaalaman ng mga tao dahil ang bawat isa ay nakakita, nakarinig, natuto, at nakaranas ng magkakaibang bagay. Sa totoo lang, ang natutuhan ng isang hambog ay punungpuno ng mali. Kung ang mga maling kaalamang ito ay naging matatag na dahil sa katagalan, nagiging pagmamatuwid na ito at maka-sariling pananaw.

Ang tinutukoy na pagmamatuwid sa sarili dito ay ang pagsasabing kayo ang tama. Magiging makasarili ang mga taong ito habang tumatagal. Pati ang personalidad at mga kaalaman nila ay apektado. Dahil magiging matigas ang kaloobang ganito, hindi ito madaling buwagin.

Ipagpalagay nating may isang taong mababa ang tingin sa sarili. Nakita niyang inayos ng isang mayamang lalaki ang kurbata niya. Iisipin ngayon ng lalaking mababa ang tingin sa sarili na ipinagmamalaki ng mayamang lalaki ang kasuotan niya. O kaya naman, nakita ng taong ito na tinititigan siya ng ibang tao, iisipin niya kaagad na minamaliit siya ng mga taong iyon.

Hindi tumatanggap ng pagkakamali ang mapagmalaking tao at ipinipilit niya ang mga ideya niya, nauuwi ito sa iba't ibang haka-haka. Sa kabaliktaran, ang isang taong mapagkumbaba ay hindi nakikipag-away kahit siya ang tama. Kahit 100% siyang nakakatiyak na tama ang ideya niya, iniisip pa rin niya na baka nga naman mali din siya. Ayaw niyang pangibabawan ang ibang tao.

Kung mapagkumbaba kayo, nangangahulugan itong mayroon kayong espirituwal na pag-ibig, mas pinapahalagahan ninyo ang ibang tao. Taos-puso ninyong iniisip na mas mahusay sila kaysa sa inyo kahit mahirap, hindi mataas ang pinag-aralan, at mahina sila. Kahit maliliit na mga bata ay iniintindi ninyo. Ito'y sapagkat iniisip ninyo na ang mga kaluluwa ay mahalaga sa Diyos bilang mga anak Niya na iniligtas ng dugo ni Jesus.

### 2. Makalaman na pagmamalaki at espirituwal na pagmamalaki

Alam natin na bawat isa sa atin ay nagmamalaki, nagyayabang at nagpapabaya sa ibang tao. Ang mga katangiang ito ay 'makalaman na pagmamalaki'. Iwinawaksi ng karamihan sa mga Cristiano ang ugaling ito sa sandaling tanggapin nila si Jesu-Cristo at nabatid ang katotohanan. Sa kabaliktaran, hindi madaling makita ang espirituwal na pagmamalaki at hindi rin madaling iwaksi.

Ano ang kahulugan ng 'espirituwal na pagmamalaki'? Kung matagal na kayong Cristiano, maaaring marami na kayong nalalaman tungkol sa Biblia. Nabigyan na kayo ng posisyon, tungkulin at naging lider ng iglesya. Samantala, may ilan na nag-aakalang malago na ang puso nila sa Salita ng Diyos, pero, sa totoo, kaalaman lang ito sa isipan nila. At maaaring iniisip ninyo na marunong na kayong kumilala ng tama at mali batay sa katotohanan pero sa totoo lang, pinagbibintangan at hinuhusgahan lang ninyo ang ibang tao.

May mga taong binabalewala ang ilang mga utos para sa sariling kapakanan nila. Lumalabag sila sa batas, pero iniisip nila, "Hindi ako saklaw ng batas na iyan dahil mataas ang posisyon ko." Ang mapagmataas na pusong ito ay 'espirituwal na pagmamalaki'. Kung hindi ninyo papansinin ang batas at utos ng Diyos dahil mataas ang tingin ninyo sa sarili, hindi ninyo totoong minamahal ang Diyos. Kung nanghuhusga o nanghahatol kayo, hindi tunay ang pag-ibig ninyo.

Ang bawat isa ay may kahambugan bago mapabanal. Napakahalaga na bunutin natin ang ugat nito. Kung hindi ito lubos na matatanggal sa pamamagitin ng pananalanging parang apoy, magiging mayabang tayo nang hindi natin napapansin. Tutubo ulit ito na parang damo ang kahambugan kung hindi ito matatanggal nang lubusan. Sa madaling salita, kung hindi natin iwawaksi ang makasalanang likas ng lubusan, pabalik-balik ito sa buong buhay Cristiano natin.

Samakatwid, magpakumbaba tayo sa harapan ng Panginoon tulad ng mga bata. Isipin nating kasing halaga natin ang ibang tao. Tumakbo tayo nang hindi nagbabago hanggang makamit natin ang pinakamahusay na pag-ibig na handang maghandog ng sariling buhay.

### 3. Mapagmalaking mga tao na nagtitiwala sa sarili

Sinimulan ni Nebukadnezar, hari ng Imperyo ng Babilonia, ang 'golden era' ng imperyo. Sa pamumuno niya, itinayo ang 'Hanging Gardens' ng Babilonia, isa sa Pitong Kamanghamanghang Lugar sa Buong Mundo noong unang panahon. Akala niya, siya mismo ang nagtayo ng napakadakilang kaharian, at sa kanya lahat napunta ang papuri. Inutusan pa niya ang mga taong sambahin siya bilang diyos. Sa huli, niloob ng Diyos na kilalanin ng mapagmalaking hari na Siya ang Pinuno ng kaharian ng sangkatauhan (Daniel 4:30-32).

Pinalayas ang hari sa palasyo. Kumain siya ng damo na parang baka, at ang buhok niya ay tumubong parang balahibo ng agila sa loob ng pitong taon. Pagkatapos nito, bumalik ang katinuan niya. Tinanggap niyang naging mapagmalaki siya at kinilala niya ang Diyos (Daniel 4:33-37).

Maraming hindi mananampalataya, katulad ni Haring Nebukadnezar ang nagsasabing sarili lang nila ang pinagkakatiwalaan nila. Pero nagkakaroon sila ng mga problema sa buhay na hindi kayang lutasin ng tao. Kahit malaki na ang isinulong ng siyensya at medisina, walang paraan para pigilan ang mga sakuna na dulot ng mga bagyo at lindol, o kaya ng mga bagong klase ng mga sakit at karamdaman.

At mas malala pa, kahit mga mananampalataya ay umaasa pa rin sa sarili nila o sa mga paraan ng mundo. Gusto ng Diyos na tulungan sila, pero hindi Niya pwedeng gawin ito kung hindi magpapakumbaba ang mga tao. Kung hindi nila gagawin ito, hindi Niya mapoprotektahan ang mga ito mula sa kaaway na diyablo at Satanas at hindi sila pwedeng gabayan patungo sa kasaganahan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo,

Sinasabi ng Diyos na ang mapagmalaking tao ay mangmang. Ang buong sangkatauhan ay mga hamak na nilalang lang sa harapan ng Diyos na dakila. Kahit maraming bagay ang pwede ninyong ipagyabang, ang buhay dito sa mundo ay pansamantala lang at nakakatiyak tayo na magkakaroon ng Paghatol.

Pararangalan tayo sa Langit kung magpapakumbaba tayo sa harapan ng Diyos at maglilingkod sa Kanya. Ito ay sapagkat itataas kayo ng Panginoon gaya ng nakasulat sa Santiago 4:10, "Magpakumbaba kayo sa harapan ng Panginoon, at kanyang itataas kayo." Kaya, magpakumbaba kayo. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na kung gagawin ninyo ito, kayo ay magiging dakila at mahalagang nilalang sa harapan ng Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Gusto Kong Makatagpo o Makilala nang Lubos ang Buhay na Diyos

T Bilang anak Niya, gusto kong makatagpo ang aking Amang Diyos upang maranasan Siya. Ano ang dapat kong gawin?

S Ang pangunahin at pinakamahalagang bagay para makatagpo at makilala nang mas malalim ang Diyos ay dapat masigasig ang hangarin ninyong makilala ang Diyos. Nakasulat sa Mga Kawikaan 8:17. Iniibig tayo ng Diyos nang higit sa lahat at una Siyang humanap sa atin. Gayon pa man, hindi Niya tayo pipiliting buksan ang puso natin para makapasok at makipagtagpo Siya sa atin. Kumikilos Siya ayon sa katarungan Niya. Papasok lang Siya sa puso natin at kakatagpuin tayo kung tayo mismo ang magbubukas nito (Apocalipsis 3:20). Mas titindi ang paghahangad nating makatagpo ang Diyos kapag dukha ang espiritu natin. Kung mayroon na kayong maalab na paghahangad na makatagpo ang Diyos, dapat kayong pumunta sa lugar kung saan Siya naroon. Sasabihin ko sa inyo ang apat na paraan ng pakikipagtagpo sa Diyos na nananahan sa Liwanag, katotohanan, kabutihan, at pag-ibig.

## 1 Makakatagpo ninyo ang Diyos sa pagsunod ninyo sa Salita Niya

Sinasabi sa atin ng 66 na aklat ng Biblia kung sino ang Diyos ang kung ano ang kalooban Niya para sa sangkatauhan. Tungkol ito sa kadakilaan ng pag-ibig ng Diyos sa atin. Sa pamamagitan ng Biblia, mauunawaan at matatanto natin ang mga bagay na ito kaya lalago ang pananampalataya natin sa Diyos. Ang dahilan kung bakit nagsisimba kayo at nag-aaral ng Salita ng Diyos ay para makipagtagpo sa Kanya sa pamamagitan ng Salita.

Isinulat ang Biblia sa pamamagitan ng inspirasyon ng Banal na Espiritu (2 Kay Timoteo 3:16), kaya mauunawaan natin ang tunay na kahulugan nito sa tulong ng Banal na Espiritu. Pagkatapos, ang salita ay mabubuhay at magiging mabisa, tatagos hanggang sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at utak sa buto tulad ng isinulat sa Mga Hebreo 4:12.

Habang sumusunod kayo sa mga salita ng Diyos na nagsasabi sa inyo ng mga bagay na dapat gawin, huwag gawin, panatilihin, o iwaksi, malulutas ang iba't ibang mga problema sa buhay, at daratingan kayo ng mga biyaya.

## 2 Makakatagpo ninyo ang Diyos sa pamamagitan ng maalab na pananalangin

Kung maalab tayong mananalangin sa pangalan ni Jesu-Cristo, bibigyan tayo ng inspirasyon ng Banal na Espiritu, at matatanto natin ang kalooban at ang nais ng Diyos na nasa Salita Niya. At, bibigyan din kayo ng lakas para sundin ito.

Hindi lang iisa ang nagsasalita sa panalangin. Ito ay pakikipag-usap sa Diyos Ama. Kapag nananalangin ang mga anak Niya, pinapakinggan sila ng Diyos at hinahaplos ang mga puso nila o kaya, binibigyan sila ng pagkatanto at pang-unawa. Ibig sabihin, magkakaroon tayo ng personal na ugnayan sa Diyos. Higit pa riyan, kung mananalangin tayo ayon sa kalooban ng Diyos, sasagutin Niya tayo batay sa batas ng katarungan. Dahil sa mga ganitong pagkakataon, tiyak na makakatagpo at mararanasan natin ang Diyos.

Sa pagbabasa natin ng Marcos 10:46-52, nabatid natin kung ano ang ginawa ng bulag na si Bartimeo para makatagpo si Jesus. Tumanggap siya ng kasagutan mula kay Jesus dahil sa masigasig niyang paghahanap dito nang may malakas na tinig. Nang pagsabihan at patahimikin siya ng ibang tao, mas lalo niyang inilakas ang boses niya. Ito'y sapagkat desperado na siya. Sa bandang huli, nakatagpo niya si Jesus at natupad ang kahilingan niya na makakita.

Maraming mga propeta ang sumigaw din sa pananalangin tulad ni Elias at Pedro. Nanalangin din si Jesus nang may buong kalakasan, ang pawis Niya ay naging parang dugong tumutulo sa lupa. Kung tatangis kayo at sisigaw nang may maalab na puso kapag nananalangin, hindi kayo mag-iisip ng ibang bagay na walang kabuluhan, hindi rin kayo aantukin. Kaya, kapag mananalangin kayo, umaasa ako na gagawin ninyo ito ng buong puso at mananangis at sisigaw nang may determinasyon na magtatagpo kayo ng Diyos (Jeremias 33:3).

## 3 Makakatagpo ninyo ang Diyos sa pamamagitan ng mga papuri na taos-puso

Ang buhay na Diyos ay nalulugod sa mga papuri. Tulad ng sinasabi sa Mga Awit 69:30-31, "Sa pamamagitan ng awit ang pangalan ng Diyos ay aking pupurihin, at sa pasasalamat Siya'y aking dadakilain. Ito'y makakalugod sa PANGINOON ng higit kaysa baka, o sa toro na may mga sungay at mga paa."

Kapag itinataas Siya ng mga anak Niya sa mga magagandang papuri, ang mga mata, tainga, at puso ng Diyos ay nakatuon sa kanila. Ito ang dahilan kung bakit napupuno tayo ng kaligayahan at emosyon kapag nagpupuri tayo.

Sa Biblia, may mga pagkakataong makikita natin na ang mga ama ng pananampalataya ay nagpuri din sa Diyos. Ang nangunguna sa mga ito ay si David. Nasisiyahan si David sa pag-awit kapag mag-isa siyang nag-aalaga ng kawan o kapag naghahandog siya ng mga alay sa Diyos bilang hari. Inibig ng Diyos si David at kasama Niya ito palagi sa mga papuri.

Ang papuring inawit ni David ay may kapangyarihan ng liwanag. Noong tugtugin ni David ang alpa, nagsilayas ang mga masasamang espiritu na nagpapahirap kay Saul, inilarawan ito sa 1 Samuel 16:23. Sa 2 Mga Hari 3, hinaplos ng Diyos si Eliseo kaya tinanggap niya ang salita ng Diyos nang magsimula ang manunugtog. Kapag pupurihin natin ang kabutihan, pag-ibig, at kapangyarihan ng Diyos nang ganito, tatanggapin Niya ito nang may lugod at ipapakita Niya ang umaapaw Niyang pag-ibig sa atin.

## 4 Makakatagpo ninyo ang Diyos sa pamamagitan ng pagsamba sa espiritu at katotohanan

Ang mga ninuno ng pananampalataya mula kay Abraham hanggang kay Isaac at Jacob sa Lumang Tipan ay nakipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng mga handog. Nakipagtagpo at naranasan ni Solomon ang Diyos ng karunungan at kung kanino nagmumula ang lahat ng biyaya sa pagbibigay niya ng isanlibong handog. Ang mga handog na iyon ay katumbas ng mga pagsamba sa panahon ng Bagong Tipan.

Sa Juan 4:24, sinasabi ni Jesus, "Ang Diyos ay espiritu, at ang mga sumasamba sa Kanya ay kailangang sumamba sa espiritu at katotohanan." Sinasabi, ang pagsamba sa espiritu at katotohanan ay tumutukoy sa isang pagsambang ginagawa nang buong puso sa inspirasyon ng Banal na Espiritu. At ang tinutukoy na 'katotohanan' ay ang pagsambang ihinahandog na mayroong tamang pagkakilala sa Diyos, nang buong katawan, puso, kalooban, dedikasyon, may pagmamahal sa Kanya, at may kagalakan, pasasalamat, papuri mga gawa, at mga handog.

Pagpapalain tayo ng Diyos kapag sasamba tayo nang buong puso sa espiritu at katotohanan. Mag-uumapaw tayo sa pag-asa para sa Langit, kapayapaan, at kagalakan. Dito makikita kung nakatagpo na ninyo ang Diyos na Siyang pinagmumulan ng buhay at kapayapaan. Kung pananatilihin nating mabuti ang ganitong klaseng pagpapala sa mga buhay natin, madadama natin ang presensya ng Diyos na palagi nating kasama, Maaari natin siyang makatagpo bawat araw.



# "Nang Makilala ang Panginoon, Naging Tunay na Babae Ako"

Nakababatang Diakonesa Rabadan Bichitbut
(Phuket Manmin Deaf Church, Thailand)

Ipinanganak akong bingi. Mula noong 9 taong gulang ako, naging interesado na ako sa katulad kong babae. Nireregaluhan ko ang kaibigan kong babae, para magustuhan niya ako. Nagbibihis at kumikilos ako na parang lalaki.

Isang araw, niyaya kong pumunta sa 'night club' ang kaibigang kong si Jiparet, na isa ring 'tomboy' tulad ko. Pero iba na siya ngayon. Diakonesa na siya at namumuhay ng masigasig na buhay Cristiano. Ikinuwento pa niya ang tungkol sa Manmin Central Church na nasa Seoul, Korea sa akin.

Noong Disyembre, 2010, bumisita ako sa Phuket Manmin Deaf Church sa Thailand. Kasalukuyang may isinasagawang pagtitipon at pagsamba ang Manmin Central Church gamit ang Nefsis, ito ay pagpupulong sa pamamagitan ng internet.

Nangangaral ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Parang punung-puno siya ng pagmamahal. Ayaw niyang mapunta sa Impiyerno ang kahit isang kaluluwa at hangarin niyang madala ang 7 bilyong tao sa buong mundo sa Langit. Habang pinapanood ko siya, dama ko ang mainit na pag-ibig ng Panginoon sa kaibuturan ng puso ko.

At marami akong kababata doon na katulad kong bingi, nakita kong binago sila ng iglesya. Kaya, inisip kong iba talaga ang iglesyang ito. Higit sa lahat, nalaman ko na mayroong Langit at Impiyerno. Lalo na nang basahin ko ang libro ni Dr. Lee na Impiyerno. Nalaman kong napakahirap doon kaya nagdesisyon akong magbagong-buhay. Itinigil ko na ang pagiging 'tomboy'. Pagkatapos, dinaluhan ko ang lahat ng pagsamba at mga pulong-panalanging Daniel. Hindi ako lumiban sa mga pulong. Nagsikap akong mapabanal.

Nagulat ang nanay ko, mga kapit-bahay,at mga kaibigan ko sa ipinagbago ko. Kahit ako mismo ay nagulat dahil babaing-babae na ako.

Noong tag-init ng taong 2012, bumisita ako sa Korea para makibahagi sa retreat sa tag-init para sa kababaihan at kalalakihan. Ang pinakamalaking santuwaryo ng Manmin Central Church na nakita ko ay punung-puno ng banal na pagpapala.

Mas lalo kong hinangad na mapabanal dahil nakita ko ang mga miyembro ng iglesya na umiiyak habang nananalangin sa pulong panalanging Daniel para mapabanal. Naranasan ko ang pag-ibig ng Diyos sa kaibuturan ng puso ko sa buong retreat. Gusto kong bayaran ang pagpapalang ito.

Pagbalik ko sa Thailand, namumuhay ako ng masigasig na buhay Cristiano. Nagbibigay ako ng luwalhati sa Diyos sa pagsasayaw ko sa iglesya at nagsisikap na ibahagi ang ebanghelyo sa mga tao. Umaasa ako na maraming bingi ang maliligtas at magbibigay ng luwalhati sa Diyos.

# "Gumaling ang asma na pinagdusahan ko sa loob ng 60 taon at ang 13 taong rayuma sa tuhod ko"



Diakonesa Yujung Jang
(69 taon gulang, 3-32 Parish)

Isang araw, taong 2006, nagbabasa ako ng Biblia sa subway. May lumapit na lalaki sa akin at may ibinigay. Kopya ito ng *Balitang Manmin* na may patotoo ni Diakono Yunseop Kim. Mayroon siyang malalang pisikal na kapansanan dati. Ang diakono mismo ang lalaking lumapit sa akin.

Noong panahong iyon, naka-tungkod ako dahil paralisado ang kalahating bahagi ng katawan ko na sanhi ng operasyon ko sa utak. May tinanggal na bukol dito. Nagdurusa din ako sa asma at rayuma sa tuhod. Habang binabasa ko ang patotoo, namangha ako at natuwa, inisip ko, "Totoo kayang nangyari ang himalang ito?" Hinangad kong makapunta sa Manmin Central Church.



Kailangan niyang magsuot ng 'brace' para suportahan ang gulugod niya. Natulog siya ng naka-upo ng tuwid, pero ngayon nakakapagbisikleta pa siya.



Pagkatapos ipanalangin ni Dr. Lee, gumaling siyang lubusan at nagkaroon ng masayang pamilya.

### Pagkatapos maranasan ang pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos sa mga pagsamba at pananalangin

Noong Setyembre, 2006, dumalo ako sa magdamag na pagsamba tuwing araw ng Biyernes na idinadaos tuwing ika-11:00 ng gabi. Habang nangangaral, ipinaliwanag ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang tungkol sa espirituwal na mundo. Napakaliwanag ng sinabi niya. Natanto ko ang kalooban ng Diyos. Napuspos ako ng Espiritu sa ikalawang bahagi ng pagsamba.

Nagalak ako at natuwa, parang nasa Langit na ako. Nagpalista ako sa Manmin Central Church. Abalang tao si Dr. Lee pero kinakatagpo niya ang mga miyembro ng iglesya bawat linggo bago magsimula ang pagsamba. Gusto niyang tumanggap ang mga ito ng mga kasagutan at mapagaling ng Diyos. Habang lumilipas ang panahon, ang paralisadong kanang bahagi ng katawan ko ay unti-unting gumaling. Hindi nagtagal, nakalakad na akong walang baston. At luminaw din ang mga mata ko kaya hindi ko na kailangang gumamit ng salamin sa mata. Hallelujah!

### Masaya ang buhay at malusog kahit matanda na

Noong Enero 2, 2013, marami pang kamangha-manghang bagay ang nangyari sa akin. Nasa pulong panalanging Daniel ako noon na ginagawa gabi-gabi. Matindi ang ubo ko dahil sa asma. Maalab akong nanalangin, "Amang Diyos! Hindi ako makapanalangin dahil sa hika ko. Pagalingin Mo po ako."

Bigla akong nahilo at parang naduduwal kaya pumunta ako sa banyo. May isinuka akong bagay na hindi ko malaman kung ano. Pagkatapos, huminto na ang pag-ubo ko at gumaling na ang asma na bumabagabag sa akin sa loob ng 60 taon. Kahit kailan, hindi pa ako nakaranas ng paggaling ng asma ko, pero gumaling ako nang tanggapin ko ang panalangin ng biyaya noong pagsamba sa Bagong Taon.

Noong Enero 8, 2013, binabasa ko ang maiksing buod ng mensahe noong nakaraang Linggo na nakalagay sa lingguhang 'bulletin' ng iglesya. Biglang lumukob sa akin ang inspirasyon ng Espiritu at pakiramdam ko, nasa ulap ako. Pagkatapos, gumaling na ang rayuma kong bumagabag sa akin sa loob ng 13 taon! Maaari na akong umakyat at bumaba ng hagdan nang walang nararamdamang sakit, nakakapanalangin pa ako nang nakaluhod.

Ang lahat ng pasasalamat at luwalhati ay ibinibigay ko sa Diyos na nagpapala sa akin na magkaroon ng masaya at malusog na buhay Cristiano kahit matanda na ako.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Crystal Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714